

## Paano kung nahihirapan akong punan ang form ng reklamo?

SKung isa kang taong may kapansanan gaya ng tinutukoy ng Accessibility of Ontarians with Disabilities Act (AODA) at kailangan mo ng tulong para ma-access ang mga serbisyo ng LECA, pakitawagan ang aming opisina.

Hindi naglilingkod ang LECA bilang advocate para sa pulisya o sa publiko, kaya hindi kami makakapagbigay ng payo tungkol sa iyong reklamo. Ang maraming organisasyong pangkomunidad at ilang legal na klinika ay maaaring makapagbigay ng tulong may kinalaman sa iyong reklamo. Pakibisita ang aming website para sa listahan ng mga klinika at pangkat na pangkomunidad sa inyong lugar.

## Paano kung hindi English o French ang pangunahin kong wika?

Nagbibigay ang LECA ng mga serbisyo sa English at French. Available din ang brochure na ito sa Arabic, Chinese, Cree, Farsi, Ojibway, Oji-cree, Punjabi, Spanish, Tagalog, Tamil, at Urdu.

Kung kailangan mo ng tulong ng isang translator para maghain ng reklamo o para makipag-ugnayan sa LECA, dapat na ikaw mismo ang magsaayos nito. Bisitahin ang aming website para sa listahan ng mga serbisyo sa pagsasalin.

## May limitasyon ba sa panahon kung hanggang kailan ako puwedeng maghain ng aking reklamo?

Dapat ihain ang isang reklamo sa loob ng anim na buwan mula nang mangyari ang inirereklamong insidente. Posibleng i-extend ng Director ang deadline depende kung ang nagrereklamo ay menor de edad, may kapansanan, kung sumasailalim ang insidente sa isang paglilitis na pangkriminal, o kung nasa interes ba ng publiko na maasikaso ang reklamo.

## Kailangan ko ba ng isang abogado para maghain ng reklamo?

Hindi mo kailangan ng abogado o ng anumang uri ng pagkatawan para maghain ng reklamo, pero puwede kang humiling ng tulong sa isang tao.

## Puwede ba akong maghain ng anonymous na reklamo?

Hindi tinatanggap ang mga anonymous na reklamo. Para makapagbigay ng patas at transparent na proseso, dapat magpakilala ang mga nagrereklamo at dapat nilang lagdaan ang LECA form kapag nagpapasa ng isang reklamo.

# Law Enforcement Complaints Agency (LECA)

Ontario

## Makipag-usap sa Amin





## The Law Enforcement Complaints Agency (LECA)

Ang Law Enforcement Complaints Agency (LECA) ay isang kabalikat na ahensya (arms-length agency) ng Ontario Ministry of the Attorney General, kung saan ang lahat ng kawani ay mga sibilyan. Nangangahulugan ito na ang aming mga desisyon ay hiwalay at walang impluwensya mula sa pamahalaan, pulisya, at komunidad.

Ang LECA ay isang opisina na walang pinapanigan at walang itinatangi na may tungkuling tanggapin, iproseso, at pangasiwaan ang imbestigasyon ng mga reklamo ng publiko laban sa pulisya ng Ontario, espesyal na konstable ng Niagara Parks, at mga opisyal pangkapayapaan (mga officer) ng Legislative Assembly Service. Sa ilang kaso, mag-iimbestiga rin ang LECA ng mga maling paggawi kahit pa walang natanggap na reklamo mula sa publiko. Ang pangkalahatang layunin ay ang magbigay ng patas, independent, transparent, accessible, at epektibong sistema ng pangangasiwa na hihimok ng kumpiyansa at tiwala sa proseso ng paghawak ng mga reklamo ng publiko at, kasunod nito, pagpapanatili ng batas at kaayusan.

Ang LECA ay hindi puwedeng mag-imbestiga at magpataw ng kriminal na parusa.

## Paano ako maghahain ng reklamo?

Puwede ka lang maghain ng mga reklamo sa LECA tungkol sa mga sumumpa sa tungkulin na tauhan ng pulisya sa Ontario, kasama ang mga munisipal, rehiyonal, at provincial (OPP) na tauhan ng pulisya, Niagara Parks Commission at ang Legislative Protective Service. Walang hurisdiksyon ang LECA sa mga RCMP officer, mga TTC Special Constable, GO Transit police, mga officer ng korte, mga officer ng mga kulungan, campus police, mga provincial offences officer, o mga espesyal na konstable.

Ang pinakamahusay at pinakamabilis na paraan para maghain ng iyong reklamo sa LECA ay ang electronic na form ng reklamo sa aming website: www.leca.ca. Kung wala kang access sa isang computer, puwede mo ring ipadala sa koreo o i-fax ang iyong reklamo. Pakibisita ang aming website para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa paghahain ng reklamo.

## Law Enforcement Complaints Agency (LECA) Contact Information

Para makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mail o para personal kaming bisitahin:

Law Enforcement Complaints Agency
655 Bay Street, 10th Floor.
Toronto, Ontario
M7A 2T4

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa LECA gamit ang mga sumusunod:

Teleponong toll-free: 1-877-411-4773
Lokal na telepono: 416-246-7071
TTY: 1-877-414-4773
Lokal na fax: 1-877-415-4773
Local fax: 416-327-8332

**LECA@ontario.ca**

**LECA_APFO**

Website: www.leca.ca